

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Inaanunsiyo ng Arts, Culture & Creative Industry Development Agency ng Brampton ang advisory panel

BRAMPTON, ON (Setyembre 9, 2021) – Excited ang [Arts, Culture & Creative Industry Development Agency](#) (ACCIDA) ng Lungsod ng Brampton na inanunsiyo ang mga kasapi ng founding advisory panel na tutulong sa paglago at pag-unlad ng ahensya at sa kanilang misyon na isulong, ikonekta at itaguyod ang sektor ng sining at kultura ng Brampton.

Isang mahalagang milestone para sa organisasyon, ang inaugural panel ay binubuo ng lokal na mga artist at mga manlilikha, mga propesyonal ng negosyo at mga tagagawa ng pagbabago na magiging tunay na tagapagtaguyod para sa mga artist ng Brampton. Ang anim na mga miyembro ay sasali kay Nuvi Sidhu, Inaugural Chair; Rehiyonal Konsehal na si Rowena Santos; at Michael Vickers, Senior Program Lead; sa pagpapatuloy ng pag-unlad ng ACCIDA at magpapaunlad sa malakas na pagsisimula nito, magkaisang susuporta sa komunidad ng sining ng Brampton, sa paglago nito, suporta at kasagaan sa hinaharap.

Ang panawagan para sa mga miyembro ng panel ay naganap sa unang bahagi ng summer na ito. Ang mga aplikasyon ay rerebyuhin at pipiliin ng isang komite na binubuo ng kinatawan ng Konseho na si Rowena Santos, staff ng Lungsod at Tagapangulo ng Panel.

Ang ACCIDA ay isang natatanging organisasyon na nangangalaga sa Lungsod ng Brampton na nakapokus sa paglago, pagsasagawa, pagtataguyod para sa at pagkonekta sa sektor sa pamamagitan ng sari-saring mga programa, serbisyo at mga resource na inumpisahan na nitong ialok sa 2021. Kabilang dito ang mga workshop, mga roundtable ng artist, mga pagkakataon sa exhibition at mga programa sa pagme-mentor, Ang nagpapatuloy na feedback mula sa komunidad ng sining ay makakatulong sa paggabay sa programa at pagsuporta sa mga serbisyo, kabilang ang pagtugon sa pangangailangan para lugar ng creative sa buong lungsod.

Makikipagtulungan ang Ahensya sa Lungsod para ihatid ang Culture Master Plan ng Brampton, na isang napakahalagang link sa pagtayo ng masiglang eksena ng sining at mapanlikhang ekonomiya. Ang patuloy na feedback sa advisory panel mula sa komunidad ng sining ay tutulong sa paggabay sa programa at susuporta sa mga serbisyo na kabibilangan ng pagtugon sa pangangailangan para sa lugar ng creative sa buong lungsod.

Mga Miyembro ng Inaugural Advisory Panel ng ACCIDA

Harman Grewal

Si Harman ay isang mapanlikhang tagagawa ng pagbabago na may hindi nagbabagong commitment sa pagtataguyod sa mga komunidad sa sining, kultura at inobasyon. Siya ay kapwa tagapagtatag ng unang co-working space at incubator ng komunidad ng Brampton para sa susunod na henerasyon ng mapanlikhang mga entrepreneur, Lab B, pag-unawa sa mga hamon na nahaharap ng lumilitaw na mga visual entrepreneur at halaga ng pagkakaroon ng komunidad ng mga artist sa paligid mo. Patuloy na nagsisikap si Harman para ma-develop ang sariling praktis nito sa sining, pomopokus sa pagpapalakas ng kanyang mga teknikal na skill, lumilikha ng mga pagkakataon para sa pagiging sustainable ng karera, at dinagdagan ang kanyang paglalakbay sa eksplorasyon.

Michael Halls

Apasyonado tungkol sa sining, naglingkod si Michael sa Peel Choral Society at sa Brampton Symphony Orchestra, pati na rin sa Brampton Arts Council Board of Directors kung saan siya ay presidente sa loob ng 14 na taon. Sa kanyang buong buhay na serbisyo-publiko, nakatanggap si Michael ng Queen Elizabeth II Diamond Jubilee Medal noong 2012. Ang kanyang hilig ay musika at siya ay nagging mang-aawit sa choir sa loob ng 48 taon.

Sumit Judge

Manunulat, Direktor, Aktor at Abogado, si Sumit ay isang multi-disciplinary artist. Siya ay kasalukuyang nagsusulat, nagpo-produce at lumalahok sa People of the Community (POC) YouTube channel, tumutugon sa mahagang mga isyu sa loob ng komunidad ng South Asian tulad ng kalusugan ng isip, intergenerational trauma at mga pang-aabuso sa Karapatang Pantao sa pamamagitan ng hindi pormal, relatable at minsan komedyang mga lens, Ang kanyang unang maikling pelikula na Vishal, ay kaugnay sa nahaharap ng internasyonal na estudyante na south Asian sa Canada at naipalabas sa mga flight ng Air Canada, Zee TV USA at sa Art Gallery ng Ontario.

Vijai Kumar

Isang pampublikong policy researcher na humawak ng mga posisyon sa research sa Indigenomics Institute, sa Asia Pacific Foundation of Canada at sa Organisation for Economic Co-operation and Development (OECD). Siya ay may masidhing damdamin para sa pag-unlad ng lokal na ekonomiya at pagtatayo ng yaman ng komunidad. Itinaguyod ni Vijai ang mga artist ng Brampton sa panahon ng pag-develop ng Brampton 2040 Vision at ng Culture Master Plan, at nagko-curate at nagho-host ng mga palabas sa Lungsod ng Brampton.

Jael Richardson

Isang kolumnista ng aklat para sa CBC, ang may-akda ng *The Stone Thrower*, at tagapagtatag at Ehekutibong Direktor para sa Festival of Literary Diversity (FOLD) sa Brampton. Ang kanyang debut na nobela, *Gutter Child* ay naging instant bestseller noong Enero 2021 sa HarperCollins Canada at napili para sa Amazon First Novel Award. Hawak ni Richardson ang isang MFA sa Creative Writing mula sa University of Guelph.

Jaspreet Sandhu

Bilang kasalukuyang Bise Presidente ng Development sa The Corporation of Massey Hall at Roy Thomson Hall, si Jaspreet ay may masidhing damdamin para sa pagbuo ng mga komunidad para sa mataas ang epekto hindi pantubo, isang agent ng pagbabago na inilalapat ang mapanlikhang pag-iisip gamit ang natatanging balanse ng negosyo, kaalaman at skill sa negosyo. Matagumpay na pinamunuan ni Jaspreet ang mga team para gawin ang masalimuot na mga proyekto na nangangailangan ng radikal na proseso at organisasyonal na mga pagbabago sa kultura. May hawak siyang Masters in Cultural Studies and Critical Theory BFA, BA sa Film Production at sa South Asian Studies.

Mga Quote

“Kasabik-sabik na makita ang mga miyembro ng panel ng ACCIDA na inanunsiyo ang dagdag na trabahong ginagawa sa lumalaking sektor sa sining ng Brampton, Ang ating team ay nakagawa ng katangi-tanging trabaho sa pagkonekta sa komunidad ng sining sa taon na ito sa pamamagitan ng maraming programa at mga inisyatiba na pinapasimulan ng ahensya. May tiwala ako na ang mga

bagong miyembro na ito ay magdadala sa kanilang malawak na lokal na kaalaman at propesyonal na pagiging eksperto sa tungkulin at talagang tutulong na umunlad ang ating mga artist.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang pag-anunsiyo sa panel ng ACCIDA ay isa na namang malaking hakbang tungo sa pagbibigay ng mahalagang suporta at mga resource sa mga pangangailangan ng komunidad ng sining. Magandang makita na ang isang panel ay binubuo ng iba’t ibang background at karanasan na tiyak na magpapalakas sa kaalaman at network ng ahensya.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Vice-Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton; Miyembro ng Panel ng Konseho, Arts, Culture & Creative Industry Development Agency*

“Ang industriya ng Arts, Culture at Creative ng Brampton ay isang mahalagang parte sa masiglang Mosaic ng ating lungsod at isang magandang milestone na makitang ianunsiyo ang panel. Mula sa pagkakabuo nito, ang ACCIDA ay nakagawa ng magandang mga hakbang sa pagkonekta at pagsuporta sa komunidad ng sining. Ang mga bagong miyembro na ito ay magdadala ng ekstensibong mga background para makatulong na itaguyod ang mas malakas, mas konektadong sektor ng creative arts sa Brampton.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

"Matapos ang kamangha-manghang proseso ng interbyu sa summer, ikinagagalak namin na ianunsiyo ang talented na pangkat ng mga artist at propesyonal na sasali sa Advisory Panel para sa Arts, Culture and Creative Industry Development Agency. Excited akong magtrabaho kasama ang Advisory Panel para i-set up ang ACCIDA at tulungan ang mga artist sa buong Brampton na marinig ang kanilang mga boses."

- *Nuvi Sidhu, Tagapangulo, Arts, Culture & Creative Industry Development Agency (ACCIDA)*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Prabhjot Kainth
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Prabhjot.Kainth@brampton.ca